SANGGUNIANG BAYAN

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-173

KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA KGG. GREGORIO VIGILAR, KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGAWAIN AT LANSANGANG-BAYAN (D.P.W.H.) NA ASIKASUHIN NG BUONG SIGASIG AT BIGYAN NG KAAGAD NA PAG-AKSYON ANG PAGPAPAGAWA AT PAGPAPAKONKRETO NG NAIWANG BAHAGI NG LANSANGANG-NASYONAL SA BARANGAY TUNASAN, MUNTINLUPA HANGGANG SA HANGGANAN NG SAN PEDRO, LAGUNA ALINSUNOD SA KASUNDUANG NILAGDAAN SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AT D.P.W.H.

************************************************************

Ipinanukala ng: Kgg. Pang. Punongbayan Jaime R. Fresnedi
Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan

************************************************************

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ay nakipagkasundo sa Department of Public Works & Highways sa pamamagitan ng Memorandum of Agreement na nilagdaan noong ika-30 ng Setyembre, 1993 upang ang National Road mula Barangay Putatan hanggang Tunasan ay maipa-konkreto;

SAPAGKAT, ang lokal na yunit ay nagbigay ng tulong sa D.P.W.H. upang makibalikat sa mga gastusin sa pagpapagawa ng mga kalsada at isa sa mga sakop nito ay ang Phase 1 o ang sumasakop mula bukana ng Susana Heights hanggang sa Pepsi Cola Corp.;

SAPAGKAT, alinsunod din sa Memorandum of Agreement ang D.P.W.H. ang babalikat ng anumang gastusin para sa nalalabing kalsada sa Tunasan hanggang sa hangganan ng San Pedro, Laguna o ang tinatawag na Phase 2 ng proyekto;

SAPAGKAT, natapos na ang kinakailangang bidding noong ika-25 ng Agosto, 1994 upang ang Phase 2 ay masiumlan na;

SAPAGKAT, ang pagkabalam ng pagsasagawa ng proyekto sa Phase 2 ay nagiging sanhi ng malalang lagay ng trapiko sa nabanggit na lugar dagdag pa rito ang makupad na pagsulong ng nabanggit na lugar;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na hilingin sa Kgg. Gregorio Vigilar, Kalihim ng Kagawaran ng Pagawain at Lansangang-Bayan (D.P.W.H.) na asikasuhin ng buong sigasig at bigyan ng kaagad na pag-aksyon ang pagpapagawa at pagpapakonkreto ng naiwang bahagi ng lansangang-nasyonal sa Barangay Tunasan, Muntinlupa hanggang sa hangganan ng San Pedro, Laguna alinsunod sa kasunduang nilagdaan sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa at D.P.W.H.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-102nd regular na pulong na ginanap ngayong ika-26 ng Setyembre, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

(Absent)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

(Absent)
KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

(Absent)
KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan